# DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

*Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.*

FACTSHEET A

## MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA PAGGAMIT

Ang pagrerepaso sa paggamit (utilization review - UR) ay ang prosesong ginagamit ng mga pinagtatrabahuhan o mga tagapangasiwa ng mga paghahabol upang pag-aralan ang paggamot para malaman kung ito ay isang medikal na pangangailangan.

Lahat ng pinagtatrabahuhan o tagapangasiwa ng mga claim na umaasikaso sa mga claim ng bayad-pinsala ng kanilang mga manggagawa ay inaatasan ng batas na magkaroon ng programa sa UR. Gumagamit ang programang ito ng mga alituntunin sa medikal na paggamot na itinakda ng estado para makapagdesisyon kung aaprubahan o hindi ang medikal na paggamot na inirerekomenda ng iyong doktor.

### Ano ang mga alituntunin sa medikal na paggamot na itinatakda ng estado?

Idinedetalye ng iskedyul ng paggamit ng medikal na paggamot (medical treatment utilization schedule - MTUS) ng California ang mga paggamot na napatunayan ng siyentipikong nakapagpapagaling o nakapagpapaginhawa ng mga pinsala at karamdaman na nauugnay sa trabaho. Isinasaad ng MTUS ang mga paggamot na mabisa para sa mga partikular na pinsala, gaano kadalas ang kailangang ibigay na paggamot, ang tagal ng paggamot at mga iba pang detalye.

### Saan ko makikita ang MTUS?

Pumunta sa www.dwc.ca.gov. Sa kanan ng navigation pane sa ilalim ng “Quick Links”, i-click ang “Publications”. Mag-scroll pababa sa mga iskedyul at i-click ang medical treatment utilization schedule (MTUS).

### Paano kung wala sa MTUS ang paggamot na inirerekomenda ng aking doktor?

Kailangang gumamit ang iyong doktor ng mga iba pang nakabatay sa siyensiya na mga alituntunin sa medikal na paggamot na sa pangkalahatan ay katanggap-tanggap sa medikal na komunidad ng buong bansa upang suportahan ang inirerekomendang paggamot.

### Pinagkalooban ako ng medikal na paggamot sa hinaharap para sa aking pagkapinsalang nauugnay sa trabaho. Mayroon akong kopya ng pagkakaloob na ito. Nauukol ba sa akin ang UR?

Oo. Ipinairal ang batas na nag-uutos ng UR noong Ene.1, 2004. Ipinaiiral ito sa lahat ng mga ibinibigay na medikal na paggamot, kahit na natanggap mo ang ipinagkaloob na ito bago Ene.1, 2004.

### Sino ang maaaring sumuri sa medikal na paggamot na inirekomenda ng aking doktor?

Ang sinumang umaasikaso sa mga claim ay maaaring **mag-aproba** sa paggamot na inirekomenda ng iyong doktor. Gayunpaman, ang desisyon na **ipagkait** o **palitan** ang paggamot sa iyo ay maaari lamang gawin ng isang doktor na nakakaintindi ng uri ng pinsala o karamdaman mo at sa inirerekomendang paggamot.

### Anong mangyayari kung magrerekomenda ang aking doktor ng paggamot at isasagawa ang UR ng tagapangasiwa ng mga claim?

Kailangang isagawa ng tagapangasiwa ng mga claim ang pagsusuri at magdesisyon sa loob ng limang araw mula sa petsa ng paghiling ng iyong doktor ng paggamot. Kung kailangan ang mga karagdagang impormasyon para makapagdesisyon, may panahon ang tagapangasiwa ng mga claim ng hanggang 14 na araw.

### Anong mangyayari kung naidulot na ng aking doktor ang paggamot at magsasagawa ng UR ang tagapangasiwa ng mga claim?

Kailangang maisagawa ang pagsusuri at maibigay ang desisyon sa iyong doktor sa loob ng 30 araw.

### Anong mangyayari kung ginamot ako at sasabihin ng tagapangasiwa ng mga claim na hindi nila babayaran ito? Ako ba ag kailangang magbabayad?

Malamang na hindi. Problema itong kailangang lutasin ng iyong doktor at ng tagapangasiwa ng mga claim.

### Paano kung hihiling ng paggamot ang aking doktor habang ako ay nasa ospital?

Maaaring humingi ang iyong doktor ng regular o "pinabilis na pagsusuri" habang ginagamot ka sa ospital.

## Ano ang pinabilis na pagsusuri?

Nangyayari ito kapag nagrerekomenda ang iyong doktor ng paggamot at sasabihin sa iyong magkakaroon ng malubhang banta sa iyong kalusugan kung hindi ito maibibigay sa iyo. Maaaring mangahulugan ito ng posibleng pagkamatay, pagkawala ng kamay o paa o mga iba pang bahagi ng katawan na may mahalagang gamit. Maaari din itong mangahulugang ang normal na panahon para sa isang desisyon ay maaaring magdulot ng pinsala sa iyong buhay o kalusugan, o maaaring permanente nitong ilalagay sa panganib ang iyong kakayahang gumaling nang lubusan.

## Gaano katagal ang isang pinabilis na pagsusuri?

May 72 oras ang tagapangasiwa ng mga claim mula sa panahong natanggap nila ang impormasyong kailangan nila upang makapagdesisyon. Kung napakalubha ng iyong kondisyon na magiging napakatagal ang 72 oras, kailangang silang magdesisyon nang mas maaga.

## Maaari bang ipahinto ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot sa akin kung nasa ospital ako?

Hindi maaaring ipahinto ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot na inirekomenda ng iyong doktor hanggang sa makausap nila ang iyong doktor at makapag-isip ng ibang plano na sasang-ayunan ng iyong doktor.

## Sasabihin ba sa akin ng tagapangasiwa ng mga claim kung nagdesisyon silang palitan, ipagpaliban o ipagkait ang kahilingan ng aking doktor na gamutin ako?

Oo. Dapat sabihin ito sa iyo ng tagapangasiwa ng mga claim, at sa iyong abogado kung may kumakatawan sa iyo, at sa iyong doktor sa pamamagitan ng pagsulat at pagbanggit kung bakit nila pinapalitan, ipinagpapaliban, o ipinagkakait ang paggamot sa iyo.

## Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon ng tagapangasiwa ng mga claim?

May mga partikular na panahon na dapat mong tugunan, kung hindi ay mawawalan ka ng mga mahahalagang karapatan. Hanggang Hulyo 1, 2013, ang mga hindi pagkakasunduan tungkol sa medikal na paggamot para sa lahat ng mga petsa ng pagkapinsala ay lulutasin ng mga doktor sa pamamagitan ng prosesong independiyenteng medikal na pagsusuri (independent medical review - IMR). Kung ipagkakait o papalitan ng UR ang kahilingan ng gumagamot na doktor para sa medikal na paggamot dahil ang paggamot ay hindi medikal na pangangailangan, maaari kang humingi ng pagsusuri ng desisyong iyon sa pamamagitan ng IMR.

Kasama sa nakasulat na desisyon na nagkait o nagbago ng hinihiling na paggamot sa iyo, makakatanggap ka ng hindi nalagdaan ngunit kumpletong form ng IRM at may address na sobre. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon, dapat mong lagdaan at ipadala ang form na ito sa sobre upang simulan ang proseso ng IMR.

Mangyaring bisitahin ang IMR FAQ sa http://www.dir.ca.gov/dwc/IMR/IMR_FAQs.htm para sa mga detalyadong impormasyon tungkol sa mismong proseso, pagiging karapat-dapat at mga itinakdang petsa, pati na rin ang link sa form para sa paghiling ng IMR.

## May anumang paraan ba para matulungang maging maayos ang pag-usad ng UR?

Magiging maayos ang pag-usad ng UR kapag patuloy na nakikipag-ugnayan ang iyong doktor sa doktor ng tagapangasiwa ng mga claim sa kabuuan ng proseso. Dapat na isaad ng iyong doktor ang mga dahilan para sa paggamot na hinihiling kapag humihiling. At kung ang doktor ng tagapangasiwa ng mga claim ay hihingi pa ng mga karagdagang impormasyon, kailangang tumugon ang iyong doktor.

## Paano kung mahigit sa 14 na araw na ang lumipas simula nang humiling ang aking doktor ng paggamot at wala pa kaming naririnig o natatanggap na anuman mula sa tagapangasiwa ng mga claim?

Kung hindi pa nakakatanggap ang iyong doktor ng sagot mula sa tagapangasiwa ng mga claim, dapat kang maghain ng pagpapahayag ng kahandaang magpatuloy sa pinabilis na pandinig. Ang isang tagapangasiwa ng mga claim na hindi nakatutugon sa naaangkop na takdang araw para sa pagsusuri sa paggamit ay hindi makakatutol sa pagbibigay ng doktor ng hiniling na paggamot.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na opisina ng I&A. Maaari mo ring i-download ang mga gabayng I&A at makakakuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.